Republic of the Philippines
# Department of Education
Region I

Office of the Regional Director

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO.
RELEASED
014613
By: Date: 9-15-21

Advisory No. 131 s. 2021
SEP 15 2021

In compliance with DepEd Order (D.O) No. 8,s. 2013,
this advisory issued is not for endorsement per D.O No. 28,s. 2001, but only for the information of Deped Officials,personnel/ staff , as well as the concerned public.
*(Visit.www.deped.gov.ph)*

**30TH NATIONAL CONFERENCE ENTITLED PINDOLANGAN: KABUHAYAN , KALAKALAN, EKONOMIYA AT KASAYSAYANG PILIPINO**

U.P. Lipunang Pangkasaysayan (UP. LIKAS), an academic organization of students in the University of the Philippines-Diliman will be holding its 30th National Conference entitled "Pindolangan: Kabuhayan , Kalakalan, Ekonomiya at Kasaysayang Pilipino" thru online platform at the event's official Facebook Page on October 23,30 and November 6, 2021 .See details of its objectives , registration and or access to this conference at the attached letter .

Participation to this activities shall be on a voluntary basis and must subject to the no disruption of classes policy stipulated in DepEd Order No. 9,s.2005 entitled Instituting Measures to Increased Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.

Enclosed is the letter for more leading details of the events .

CLMD/etg /UP LIKAS CONFERENCE
September 15,, 2021



DepEd RO1 REC2112744

Kyla Camille S. Lim
Vice-Chairperson for External Affairs
Noted by:

John Carlos Duque
Chairperson

Dr. Kerby Alvarez
Organization Adviser

"Tungo sa isang *kritikal* at *mas makabuluhang* pag-aaral ng *kasaysayan*"

**Ika-30 na Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**Pindolangan: Kabuhayan, Kalakalan, Ekonomiya sa Kasaysayang Pilipino**
**Ika-23, ika-30 Oktubre, at ika-6 Nobyembre 2021**

## KONSEPTONG PAPEL

Bilang pinakamatanda at nag-iisang organisasyong pangkasaysayan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, layunin ng UP Lipunang Pangkasaysayan na maisulong at maitaguyod ang isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan. Sa bawat taon ng pagsasagawa ng Pambansang Kumperensiya, bahagi ng samahan ang adhikaing pagbuklurin ang mga mag-aaral, dalubhasa, at ang mga mamamayang may hilig, interes at pagmamahal sa larangan upang mapaigting ang kamalayang pangkasaysayan. Sa kabila ng mga balakid dulot ng pandemya at remote learning noong nakaraang taon, matagumpay na naisakatuparan ang kumperensiya na pinamagatang "*Hunagay: Pagsasakasaysayan ng Pangangalaga sa Kalusugang Pilipino*" na tumalakay sa pagkahubog ng mga paniniwala at pagtingin ng mga Pilipino sa sakit at kalusugan, gayundin sa pamamaraang nabuo ang sistemang pangkalusugan sa Pilipinas.

Sa kasalukuyang taong panuruan, inihahandog ng UP LIKAS ang ika-30 pambansang kumperensiya na may pamagat na **Pindolangan: Kabuhayan, Kalakalan, Ekonomiya sa Kasaysayang Pilipino**. Ang Pindolangan ay isang salitang Maranao na tumutukoy sa ginto. Sa pamamagitan ng lente ng kasaysayan, ito ang paksang napiling talakayin upang makapagbigay ng kabatiran at kaunawaan sa mga kasalukuyang mabibigat na suliraning hinaharap ng ating bansa sa ekonomiya. Maipapaliwanag dito ang paghubog ng ekonomiya sa kabuhayan ng mga mamamayan at mabibigyang linaw kung paano naman binuo ng mga Pilipino ang ekonomiya ng ating bayan sa mga nagdaang panahon. Dulot pa rin ng malalang sitwasyong dala ng pandemya, mananatiling sa pamamaraang *online* ang mga diskusyon sa kumperensiya bilang pagkilala sa mga patakarang pangkalusugan at para sa kaligtasan ng mga dadalo. Sa loob ng tatlong araw, matutunghayan ang kasaysayan ng kalagayan at kalakarang pang-ekonomiya ng Pilipinas sa mga sumusunod na bahagi: Pre-kolonyal, Kolonyal at Kontemporaryo. Ang bawat sesyon kada araw ay hahatiin sa pang-umaga at panghapon.

Tatalakayin sa unang araw ang mga sinaunang kagamitan o produktong ginagamit ng ating mga ninuno para sa komersiyo at pangkabuhayan. Masisilayan din dito ang naging kalakalang panloob at pakikipag-ugnayan ng mga katutubo sa mga karatig na kaharian o estado. Samakatuwid, matatanaw kung papaano naitaguyod ang relasyon ng mga naunang Pilipino sa dayuhan sa pamamagitan ng pangangalakal. Pagsapit naman sa ikalawang araw ng kumperensiya, bibigyang diin ang nabuong kalakarang pang-ekonomiya sa Pilipinas sa panahong ito ay nasasakupan ng mga dayuhan. Pag-uusapan sa bahaging ito hindi lamang ang mga patakaran at pagbabagong ekonomikong dinala ng mga mananakop, kung hindi maging ang kanilang mga pananamantalang isinakatuparan sa mga likas na yaman ng Pilipinas at ang mga problemang pangkabuhayang iniwan nila sa mga Pilipino. Pagdako sa ikahuling araw, isusulong ang diskusyon ukol sa naging pagtugon ng Pilipinas sa mga kinaharap nitong suliraning pang-ekonomiya matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sa pagpapatakbo nito ng komersiyo bilang isang malayang bansa. Pag-aaralan din ang naging dulot ng mga nanatiling patakarang panlabas o *foreign policies* at kontribusyon ng mga *Overseas Filipino Workers* (*OFW*) sa ekonomiya ng bayan. Makakaagaw pansin sa sesyong ito ang usapin ukol sa kung papaano nakaapekto sa ekonomiya ng bansa at naging pabigat sa pamumuhay ng mga Pilipino ang korapsyong naganap sa loob ng pamahalaan sa kontemporaryong panahon. Panghuli, magkakaroon din ng pagtingin sa naging epekto ng pandemya, at kinalabasan ng

kapabayaang isinagawa ng kasalukuyang administrasyon sa pagtugon sa krisis pangkalusugan sa ekonomiya ng Pilipinas.

Ang mga pananaliksik na mamamalas sa kumperensiyang ito ay magmumula hindi lamang sa mga manunulat at propesor ng kasaysayan kung hindi maging sa mga akademikong nagsasagawa ng mga pag-aaral sa larangang pang-ekonomiko. Iikot ang talakayan sa pamamagitan ng mga sanggunian at datos na kanilang ipapahayag sa mga nakatakdang sesyon. Bagaman nasa gitna pa rin ng pandemya at *remote learning*, titiyakin ng UP LIKAS na magkakaroon ng malalim na diskusyon upang lalong maintindihan ng mga delegadong mag-aaral, guro, at mga mamamayang may interes sa pag-aaral ng kasaysayan ang kalagayan at kalakarang pang-ekonomiya ng Pilipinas. Higit sa lahat, sisiguraduhin ng organisasyon na sa kabila ng mga hadlang at malubhang sitwasyong pinagdadaanan ng ating bayan, mapapanatili ang layunin nitong mapaunlad ang pagtuklas at pagsisiyasat sa kasaysayan.

**Pindolangan: Kabuhayan, Kalakalan, Ekonomiya sa Kasaysayang Pilipino**
**Ika-30 na Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**Ika-23, ika-30 Oktubre, at ika-6 Nobyembre 2021**

TENTATIBONG DALOY NG PROGRAMA

UNANG ARAW

UNANG SESYON

10:00-10:20 Seremonya ng Pagbubukas

Pambansang Awit
Panimulang Pananalita
Mensahe
Mensahe mula sa Panauhing Pandangal

Paglalahad ng Layunin ng Kumperensiya

**G. John Carlos B. Duque**
Tagapangulo, UP Lipunang Pangkasaysayan

Pagpapaliwanag ng Tema

**G. Prinz Gabriel S. Reynoso**
Direktor, Komite ng Edukasyon at Pananaliksik

10:20-10:50 **Pakikilahok ng mga Sinaunang Pilipino sa Kalakalang Maritimo ng Timog Silangang Asya**

10:50-11:20 **Ang Kalakalan sa Pagitan ng mga Sinaunang Pilipino at Tsino**

11:20-11:40 Malayang Talakayan

11:40-12:40 Tanghalian

IKALAWANG SESYON

12:40-1:10 **Ilaya at Ilawod: Panloob na Kalakalan sa Lipunang Pilipino**

1:10-1:40 **Ang Pangangayaw ng mga Sinaunang Pilipino**

1:40-2:10 **Ang Kalakalan at Komersiyo sa mga Rehiyon ng Mindanao**

2:10-2:30 Malayang Talakayan

2:30 Pansamantalang Pagsasara

IKALAWANG ARAW

UNANG SESYON

| | |
|---|---|
| 10:00-10:30 | **Kalakalang Galyon: Ang Bumubuhay sa Ekonomiya ng Koloniyang Pilipinas st Imperyong Espanyol** |
| 10:30-11:00 | **Ang Papel ng mga Lahing Tsino sa Komersiyo ng Kolonyang Pilipinas** |
| 11:00-11:30 | **Ang mga Pagbabagong Ekonomiko sa Pilipinas sa Ika-19 na Dantaon** |
| 11:30-11:50 | Malayang Talakayan |
| 11:50-12:50 | Tanghalian |

IKALAWANG SESYON

| | |
|---|---|
| 12:50-1:20 | **Mga Patakarang Pangkalakalan ng Estados Unidos sa Kolonyang Pilipinas** |
| 1:20-1:50 | **Eksplotasyon ng mga Amerikano sa mga Likas na Yaman ng Pilipinas** |
| 1:50-2:20 | **Ang Kilusang Sakdalista** |
| 2:20-2:50 | **Mga Suliraning Ekonomiko ng Pilipinas sa Ilalim ng mga Hapones** |
| 2:50-3:20 | Malayang Talakayan |
| 3:20 | Pansamantalang Pagsasara |

IKATLONG ARAW

UNANG SESYON

| | |
|---|---|
| 10:00-10:30 | **Ang Pagtugon ng Pilipinas sa mga Hamong Pang-Ekonomiko Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig** |
| 10:30-11:00 | **Pagtanaw sa Kalagayan ng mga Pilipino sa ilalim ng Diktaduryang Marcos** |
| 11:00-11:30 | **Balikbayan: Ang Pag-usbong ng Komersyo ng mga Overseas Filipino Worker sa Pilipinas** |
| 11:30-11:50 | Malayang Talakayan |
| 11:50-12:50 | Tanghalian |

IKALAWANG SESYON

| | |
|---|---|
| 12:50-1:30 | **Ang Pagtugon ng Pansin sa mga Isyung Pang-ekonomiko ng Pilipinas Pagkatapos ng EDSA I (1986-2016)** |
| 1:30-2:00 | **Ang Pagbagsak ng Ekonomiya ng Pilipinas sa panahon ng Kasalukuyang Administrasyon at Pandemya** |
| 2:00-2:20 | Malayang Talakayan |
| 2:20-2:30 | Pananapos na Pananalita |

**G. John Carlos B. Duque**
Tagapangulo, UP Lipunang Pangkasaysayan

**Ang UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)**

Ang U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) ay isang akademikong organisasyon na muling itinatag noong 1988 na nag -aadhikang mapagbuklod ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan; mapalawak at mapalaganap ang kaalaman at kamalayang pangkasaysayan; mapaunlad ang disiplina ng kasaysayan; at higit sa lahat, mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng "isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan" at pagpupunyagi para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan.

Nadalumat ng U.P. LIKAS ang mga adhikaing ito sa pagtunton sa sariling kasaysayan nito — kasaysayang hindi nagsisimula noong 1988 lamang kundi nag-uugat sa mga naunang organisasyong pangkasaysaysan sa Unibersidad ng Pilipinas (U.P.). Noon pa man, may mga itinatag nang organisasyon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan gaya ng U.P. History Club (1912-Dekada '30); Clio Recognition Society (Dekada '30-'60); U.P. History Club (Dekada '60) at Clio (1970). Naging abala ang mga organisasyong ito sa pagtataguyod ng mga gawaing akademiko na tulad ng lakbay-aral, panggrupong talakayan, lektura-panayam, seminar, simposyum at marami pang iba.

Sa paglaganap ng kamalayang makabayan sa "panahon ng sigwa," unang itinatag ang U.P. LIKAS noong 1971. Sa pamumuno ni Michael Gonzales, unang Pangulo ng U.P. LIKAS, naging hitik sa pakikilahok ang organisasyon sa mga isyu't usaping panlipunan upang maitaguyod ang panlipunang katwiran at kaunlaran. Subalit nang pairalin ang Batas Militar noong 1972, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga ipinagbawal na organisasyong sa U.P. Magkaganito man, bagamat maikling panahon lamang namayagpag ang unang U.P. LIKAS, naging makabuluhan naman ang naging paglahok nito sa samu't saring pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Noong 1973, nang pinahintulutan na muli ang pagkakaroon ng mga samahan sa U.P. sa kondisyong hindi ito "subersibo," isa ang U.P. LIKAS sa pinayagang maitatag muli. Isinakatuparan ang pagbubuong muli ng organisasyon sa pamamagitan ng masigasig na kolektibong pamunuan na kinatawan ni Nilo Ocampo. Muling sumabak ang organisasyon sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain. Sa mga unang taon nito, binigyang-diin ang mga

gawaing akademiko. Naging tunguhin ng organisasyon ang pagaambag sa kaalaman at kamalayang pangkasaysayan. Nagtaguyod ang organisasyon ng iba't ibang talakayan at simposyum. Naglabas din ito ng opisyal na pahayagan na pinangalanang ang Likas. At higit sa lahat, naglathala ito ng natatanging dyornal pangkasaysayan, ang LIKAS, noong Disyembre 1976 na alay kay William Vincent "Billy" Acuña Begg, bayaning Likasyan na "nagbubo ng dugo para sa isang maaliwalas na kasaysayan ng sambayanan."

Sa mga tagumpay na ito, hindi nangahulugang nalimita ang organisasyon sa mga isyu't usaping akademiko. Patuloy ang masigasig na pakikilahok ng organisasyon sa mga pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo. Itinanghal ang kalayaang akademiko at kapangyarihan ng mag-aaral, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga nakipaglaban para maibalik ang University Student Council (USC). Naging masigasig din ang organisasyon sa mga pagkilos laban sa mga mapaniil na patakaran ng pamahalaan sa ilalim ng Batas Militar. Sa muling paglaho ng organisasyon noong 1980 dahil sa kawalan ng kasapian at pamunuan, ilan sa mga kasapi nito ang aktibo sa kilusang makabayan at sandatahang pakikibaka. Bagamat mayroon pa ring ilang grupong bumuo ng mga organisasyon ng mga mag-aaral sa kasaysayan tulad ng U.P. History Society (HistSoc) noong 1981-1986, masasabing hindi ito nagkaroon ng malawak at malalim na pananaw pangkasaysayan.

Marahil itinakdang magkaroon ng organisasyong pangkasaysayan ang mga mag-aaral ng U.P. sa panahon ng pag-unlad ng "bagong kasaysayan," kung kaya't noong Ikalawang Semestre ng Akademikong Taon 1987-1988, sa pangunguna nina Myra Angeli Gallardo at Elsie Ramos, muling binuhay ang U.P. LIKAS. Sa pamamagitan ng 14 na katao na nagsilbing lupong ad hoc, itinatag ang U.P. LIKAS sa U.P. Faculty Center 2016. Si Ferdinand Llanes ang hinirang na unang Tagapangulo ng muling itinatag na organisasyon. Inilunsad ang organisasyon noong 13 Enero 1988. Kabilang sa mga unang kasapi sina Daisy Apolonio, Patricia Aquino, Enrico Azicate, Ferdinand Conel, Jose Antonio Custodio, Myra Angeli Gallardo, Ferdinand Llanes, Khadija Rosarita Mamorno, Roberto Mata, Patricia Mercado, Pamela Portugal, Rowena Quinto, Elsie Ramos at Ma. Cecilia Samonte. Naging unang Gurong Tagapayo sina Dante Ambrosio at Nilo Ocampo. Pagkatapos ng paglulunsad, pagpursige na ang organisasyon na "pumusisyon sa hanay ng mga mag-aaral at sa buong pamantasan bilang isang organisasyong may mabisang kakayahan na makibahagi sa pagtatadhana ng kabuuang hugis ng kolektibong pamumuhay at galaw sa pamantasan." Kumilos ito tungo sa ikatataguyod ng dakilang adhikaing

mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa diwa ng panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Malayo na rin ang narating ng U.P. LIKAS matapos ang humigit na dalawampung taon mula nang muling itatag ito. Naging matapat at matatag ang organisasyon sa mga adhikain nito na makikita sa mga naging gawain nito sa nakalipas na mga taon. Nagdaos ang organisasyon ng mga exhibit, lakbay-aral, pagpapalabas-pelikula, panggrupong talakayan, lekturapanayam, seminar, simposyum at palihan. Nakipagbuklod din ang U.P. LIKAS sa iba't ibang institusyon na gaya ng U.P. Departamento ng Kasaysayan, College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) at buong U.P. na makikita sa paglahok ng U.P. LIKAS sa Linggo ng Kasaysayan, Kapistahang Asyano, CSSP Organizations Fair (OrgFair), CSSP Week, Lantern Parade, at Alternative Classroom Learning Experience (ACLE). Maraming kasapi na rin ang naging bahagi ng at nanguna sa University Student Council (USC), CSSP Student Council, at ang opisyal na sulat-balitaang pangmag-aaral ng CSSP na SINAG. Patuloy ring nagiging aktibo ang LIKAS bilang bahagi ng Buklod CSSP, UP Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA); gayundin sa CSSP Academic Circle (AcadCircle). Nakikipag-ugnayan rin ang LIKAS sa mga kapwa organisasyong pangkasaysayan bilang tagapagtatag ng Alyansa ng mga pang-Kasaysayang Organisasyong Pang-mag-aaral sa Pilipinas (ANGKOPP) at kasapi ng Local Historical Committees Network (LHCN).

Nakipagbuklod din ang organisasyon sa iba pang pampamantasan at pambansang institusyon at organisasyon tulad ng U.P. Lupon sa Sentenaryo, U.P. Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA), Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA ng Pilipi- nas), Bagong Kasaysayan/Bahay-Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS), Kaisahan para sa Kamalayan sa Kasaysayan (KAMALAYSAYAN), National Historical Institute (NHI) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Nagtaguyod din ang U.P. LIKAS ng mga gawaing sibiko gaya ng pakikipagtulungan sa Gawad Kalinga at programang "Gib Lab" na naglalayong paligayahin at paglingkuran ang mga kapus-palad lalo na tuwing Kapaskuhan.

Naglathala na rin ang organisasyon ng mga aklat na kinabibilangan ng Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan (1992) na pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar at Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan (1998) na pinamatnugutan naman nina Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo. Noong Enero 2008, inilathala ang Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan na pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes at John Lee Candelaria. Noong Agosto 2012 naman inilunsad ang Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo na pinamutnugutan nina Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre.

Higit sa lahat, nagtaguyod na ang U.P. LIKAS ng mga malawakang pambansang kumperensya na dinaluhan ng mga mag-aaral ng kasaysayan mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at pamantasan sa iba't ibang panig ng Pilipinas bukod pa sa paglahok ang organisasyon sa samu't saring makabayang pagkilos ng kabataan at sambayanang Pilipino para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan. Tunay na masasabing patuloy na umuunlad ang U.P. LIKAS "tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan."

**ANNEX 2**

# ENTITY PROFILE/GENERAL INFORMATION SHEET

| | |
|---|---|
| 1. Name of Company/Association/Institution/Organization: | |
| U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) | |
| 2. Office Address: | |
| Palma Hall, Roxas Avenue, University of the Philippines-Diliman, Quezon City | |
| 3. Contact Person/s:<br>John Carlos B. Duque<br>Kyla Camille S. Lim | 4. Designation/Position:<br>Tagapangulo<br>Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| a. Contact No/s.:<br>0915 130 4968<br>0916 735 0742 | b. Mobile Phone No/s.:<br>0915 130 4968<br>0916 735 0742 |
| 5. Email Address/es: | uplikas@gmail.com or uplikasexternals@gmail.com |
| 6. URL/Website: | http://www.uplikas.wixsite.com/uplikas |
| 7. Social Media Account/s: (Facebook, Twitter, among others) | http://www.facebook.com/uplikas ; http://www.twitter.com/uplikas ; http://www.instagram.com/uplikas |
| 8. Nature of the Company/Association/Institution/Organization (Narrative Description):<br>U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) is an academic organization of students based in the University of the Philippines-Diliman that promotes critical thinking in the study of history as well as greater awareness of Filipino culture and society. | |
| 9. Mission:<br>The primary goal of the organization is to forward a critical and a more meaningful and relevant study of history. | |
| 10. Vision:<br>As an academic organization, it aims to spearhead lecture series, conferences, seminar-workshops, symposiums, and all other related academic gatherings. It is our commitment to bring the organization to a higher sense of scholarly involvement that shall embody the organization's principle to promote historical consciousness not only to the U.P. community but also to the Filipino people. | |
| 11. Accreditation/Certificates/Permits (Enclosed copy/ies): | |
| ☐ Certificate of Accreditation from the Philippine Regulation Commission (PRC)<br>☐ Civil Service Commission (CSC) Institute Accreditation Certificate<br>Certificate of Permit from the Dean or Head of Student Affairs Office<br>☐ Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) | ☐ Securities and Exchange Commission (SEC) Registration<br>☐ Department of Trade and Industry (DTI) Business Certificate<br>☐ Republic Act (RA) Number and Content if government agency/institution |
| Learning and Development Plan for the Participants Continuous Programs, Activities and Projects (PAPs) (See enclosed format) | |

**ANNEX 3**

## U.P. Lipunang Pangkasayayan (U.P. LIKAS)

### LEARNING AND DEVELOPMENT PLAN FOR THE PARTICIPANTS CONTINUOUS PROGRAMS, ACTIVITIES AND PROJECTS

| Implementation Plan (Schedule) | Title of the Activity* | Objective | Target Participants | Target Date | Proposed/Tentative Venue |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2021-2022 | 1. Ika-30 Pambansang Kumperensiya (Economic History of the Philippines) | Provide discussions on the the economic history of the Philippines, its development, and the contribution of Filipino livelihood to it through the years. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 23, 30 October 2021<br>6 November 2021 | Online (via Zoom) |
| | 2. Dap-Ayan Lectures | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | December 2021 | Online (via Zoom) |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 2022 | Online (via Zoom) |
| UPD A.Y. 2022-2023 | 1. Ika-31 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on the Philippine Historiography and show new methodologies and interpretations | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | October 2022 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | UP Students | October 2022 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, NCR | March 2023 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2023-2024 | 1. Ika-32 Pambansang Kumperensiya (Digital Media, Transmedia and History) | Provide relevant discussions about transmedia and digital media and how history can be written, incorporated, and taught in these new platforms | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | September 2023 | NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | UP Students | October 2023 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, Luzon | March 2024 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |

**ANNEX 4**

**TRAINING PROGRAM PROPOSAL TEMPLATE**

**(Proponent: U.P. Lipunang Pangkasaysayan)**

Title of the Training: *Pindolangan: Kabuhayan, Kalakalan, Ekonomiya sa Kasaysayang Pilipino. (Puloy-an: Livelihood, Trade, Philippine Economic History)*

Proposed Date and Venue:
October 23, 30 and November 6, 2021; via online steaming through UP LIKAS' and Pambansang Kumperensiya Facebook page (www.facebook.com/uplikas; www.facebook.com/PambansangKumperensiyaUPLIKAS)

Rationale and General Description of the Activity:
This 2021, U.P. Lipunang Pangkasaysayan is holding its 30th National Conference of History Students. Throughout the years, the Committee on Education and Research has continually made the event an achievement and served as a venue for all undergraduate history students from all over the country to gather.
The 30th National Conference will be held with the theme ***Pindolangan: Kabuhayan, Kalakalan, Ekonomiya sa Kasaysayang Pilipino.*** *(Puloy-an: Livelihood, Trade, Philippine Economic History).*
Due to the safety protocols being implemented, it will be held online, through our event's official Facebook page, on October 23, 30 and November 6. Everyone is encouraged and invited to witness this event.

The theme will aim to provide insight and understanding to the current economic struggles faced by the Philippines, as well as the development of the livelihood of the Filipinos as the building factor of the country's economy through the years.

Specific Objectives of the Activity:

The conference aims to:

a) Use anthropological, sociological, geological, cultural, economic, and legal lens to understand the concept of "livelihood", "trade" and "economy" in the Philippine context,
b) Analyze the system and regulation of economy through the years up until the present,
c) Discuss the development of economy and its effect to the lives of the Filipinos,
d) Comprehend how our current economy is in its current state,
e) Provide insight as to how the Filipinos shaped the economy of the country across time.

Target Participants: College students, High school students, High school teachers, College professors, Researchers, Economy students, History students, Economists.

No. of Expected Participants: 600-750 participants
No. of Classes to be Organized: 13 sessions
Funding Source: UPD OICA Grant and Organizational Fund
Registration Fee: Php 0.00

**Key Content and Methodologies:**

| Title of the Session/Context | Objective | Key Learning Points | Methodology | Duration | Resource Person |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang Pakikilahok ng mga Sinaunang Pilipino sa Kalakalang Maritimo ng Timog Silangang Asya | Aims to discuss the pre-colonial commercial relationship of the Filipinos in Southeast Asia. | Learn how the early Filipinos interact within the region through trade and commerce. | Lecture | 30 minutes | Dr. Bobby Orillaneda |
| Ang Kalakalan sa Pagitan ng mga Sinaunang Pilipino at Tsino | Aims to tackle the early development of the economic ties between the Filipinos and the Chinese during pre-colonial times. | Learn how the Filipinos and Chinese established their trade and commercial relationship prior the outset of colonization. | Lecture | 30 minutes | Prof. Tina S. Clemente |
| Ilaya at Ilawod: Panloob na Kalakalan sa Lipunang Pilipino | Aims to understand how the early Filipinos sustained their economy and livelihood by means of internal trade. | Learn how trade and commerce works internally within the native Filipinos. | Lecture | 30 minutes | Prof. Nela Florendo |
| Ang Pangangayaw ng mga Sinaunang Pilipino | Aims to start a discourse in regards to the slave trade that occured in the islands before the arrival of the spaniards. | Learn how large the slave trade network of the native Filipinos particularly in the regions of Visayas. | Lecture | 30 minutes | Prof. Efren B. Isorena |
| Ang Kalakalan at Komersiyo sa mga Rehiyon ng Mindanao | Aims to study the trade and commerce that thrived within the regions of Mindanao. | Learn how the nativee Filipinos established their networks of trade and commerce in Mindanao. | Lecture | 30 minutes | Prof. Ariel Lopez |
| Kalakalang Galyon: Ang Bumubuhay sa Ekonomiya ng Kolonyang Pilipinas at Imperyong Espanyol | Aims to revisit the Galleon trade and its contributions to the economy of the Colonial Philippines and the Spanish Empire. | Learn how the routes and network of the Galleon Trade from Spain to Philippines became established and prosperous. | Lecture | 30 minutes | Prof. Kristyl N. Obispado |
| Ang Papel ng mga Lahing Tsino sa Komersiyo ng Kolonyang Pilipinas | Aims to reconstruct the commercial | Learn how the Chinese contributed to the economy of the Colonial Philippines. | Lecture | 30 minutes | Prof. Jely A. Galang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ties of the Filipinos and Chinese during the Spanish Colonial Era. | | | | |
| Ang mga Pagbabagong Ekonomiko sa Pilipinas sa Ika-19 na Dantaon | Aims to open a discussion on the rapid economic changes brought by the events that occurred during the 19th century. | Learn how the occurences of the 19th century brought emergence and new shape to the economy of the Colonial Philippines. | Lecture | 30 minutes | Prof. Ruel V. Pagunsan |
| Mga Patakarang Pangkalakalan ng Estados Unidos sa Kolonyang Pilipinas | Aims to provide a lecture on the commercial, and trade policies established by the Americans in the Colonial Philippines | Learn how the U.S. enforced and implemented the economic policies in the Colonial Philippines. | Lecture | 30 minutes | Prof. Rowena Q. Bailon |
| Eksploytasyon ng mga Amerikano sa mga Likas na Yaman ng Pilipinas | Aims to scrutinize the exploitation made by the Americans to the natural resources of the Philippines. | Learn how the Americans destroyed the natural environment of the Philippines due to the exploitations they made. | Lecture | 30 minutes | Prof. Karl Freidrik K. Poblador |
| Ang Kilusang Sakdalista | Aims to tackle the Sakdalista movement's platform for Filipinos' land and economic rights. | Learn how the Sakdalistas made contributions for ushering the rights of the Filipino farmers and poorest citizens. | Lecture | 30 minutes | Prof. Ferdinand Llanes |
| Mga Suliraning Ekonomiko ng Pilipinas sa Ilalim ng mga Hapones | Aims to discuss the economic problems that arose during the Japanese Occupation of the Philippines. | Learn how the Japanese occupation brought in new predicaments to the economy of the Philippines during World War II. | Lecture | 30 minutes | Prof. Ricardo T. Jose |
| Ang Pagtugon ng Pilipinas sa mga Hamong Pang-Ekonomiko Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. | Aims to spur a discourse on the economic problems faced by the Philippines After World War II. | Learn how the government and Filipinos responded to the economic damages inflicted by the war. | Lecture | 30 minutes | Prof. Adonis Elumbre |
| Pagtanaw sa Kalagayan ng Kabuhayan ng mga Pilipino sa ilalim ng | Aims to re-open the dreadful economic and | Learn how the Marcos regime ushered the economic | Lecture | 30 minutes | Prof. John Carlo Punongbayan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Diktaduryang Marcos | livelihood experience of the Filipinos under the oppressive Marcos Administration. | downfall of the Philippines. | | | |
| Balikbayan(i): Ang Pag-Usbong ng Komersyo ng mga Overseas Filipino Worker (OFW) sa Pilipinas | Aims to understand the emergence of the Overseas Filipino Workers. | Learn how the Overseas Filipino Workers (OFWs) contributed to the economy of the Philippines. | Lecture | 30 minutes | Prof. Sarah Jane S. Raymundo |
| Ang Pagtutuon ng Pansin sa mga isyung Pang-ekonomiko ng Pilipinas Pagkatapos ng EDSA I(1986-2016) | Aims to classify the economic issues that arose during Post-EDSA I (1986-2016). | Learn how the previous administrations handled the economic problems after EDSA I. | Lecture | 40 minutes | Prof. Solita Collas-Monsod |
| Ang Pagbagsak ng Ekonomiya ng Pilipinas sa panahon ng Kasalukuyang Administrasyon at Pandemya | Aims to view the catastrophic economic problems brought by the Duterte administration and pandemic. | Learn how the Duterte administration and pandemic destroyed the economy of the Philippines. | Lecture | 30 minutes | Mr. Sonny Africa |

Management Structure:

| Role | Name | Terms of Reference |
|---|---|---|
| Program Manager | John Carlos Duque | Tagapangulo |
| Training Manager | Prinz Gabriel Reynoso | Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik |
| Class Manager | Kyla Camille Lim | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| Logistics Officer | Moises Levi Orlino | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan |
| Finance Officer | Fil Andrew Bagano | Direktor sa Pananalapi at Lohistika |
| Welfare Officer | Jeric Mayugba | Direktor sa Pangkasapiang Usapin |
| Quality Assurance Officer | Glo Shin Hyo Panuelos | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob |
| Documenters | Moises Levi Orlino, Nicole Margaret Villabroza | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan / Direktor sa Publikasyon at Pamamahayag |
| Secretariat/Administrative Support | Kyla Camille S. Lim | Kalihim para sa Usaping Panlabas |